

Alalahanin natin noong nagsisimula pa lang tayong nag-aaral ng

# Ang inyong Nihongo ba ay magalang o pormal?

Mahalaga ang pakikitungo sa kapwa, lalo na ang pagbibigay respeto sa pamamagitan ng maayos at magalang na pananalita. Ugaliin natin ang paggamit ng magalang o pormal na Nihongo sa pakikitungo sa araw-araw na pamumuhay.

Maraming dayuhan ang magagaling magsalita ng Nihongo. Subalit madalas ang ginagamit nilang Nihongo ay iyong pangkaraniwan o hindi pormal. Sa Japan ay may kaugaliang ginagamit ang pormal na Nihongo pag kausap ang matatanda, nakakataas o kaya hindi kilalang tao. Ang pormal na Nihongo ay may iba-ibang pananalita na nagpapakita ng paggalang at mapagpakumbabang mga salita. Alalahanin natin ang napag-aralan nating "...desu" at "...masu". Ugaaliin natin ang paggamit ng magalang na Nihongo. Ilang mga halimbawa ng kaibahan ng mga salitang hindi pormal sa pormal na Nihongo.

Ganoon po ba?	Soka?	⇒	"Sodesuka?"
Hindi ko po alam.	Shiranai"	⇒	"Shirimasen"
Maraming salamat po	Arigato"	⇒	"Arigatogozaimasu"
Oo, opo	Un"	⇒	"Hai"
Ganito po ba?	Kore de ii"	⇒	"Koredeidesuka?"
Nainfindihan ko po	wakatta	⇒	"Wakarimashita"
Pupunta po ako	iku	⇒	"Ikimasu"
Absent po ba ang guro?	Sensei wa yasumi?	⇒	"Sensei wa oyasumidesuka?"



Kalimitan ay binabale wala na lamang ng mga Hapon kung ang pananalita ng ibang dayuhan ay hindi pormal o magalang sa dahilang dayuhan kasi at hindi pa sanay. Subalit makabubuti na matuto ng magalang na pananalita lalo't kung maninirahan o magtatagal sa bansa. Hindi nakakasakit ng damdamin makarinig ng magalang na pananalita bagkus, nakakataba pa ito. Sa kabilang dako, masakit sa tainga ang walang galang o magaspang na pananalita. Isang batayan ng dignidad at integridad ng isang tao ang kanyang pananalita. Sa mga interbyu sa trabaho, mas pabor ang magalang magsalita kaysa magaling mag-Nihonggo. Nitong mga araw, maririnig ang mga batang Haponesang mga nanay na pinapagalitan ang mga anak sa marahas na salita. Maging ang mga Hapon, at ganun din ang mga banyaga, ay kinakailangang maging maingat sa pananalita. Mas magiging kaaya-aya ang ating sosyedad kung ang mga tao ay magalang at may respeto sa isa'isa. Sa FICEC ang Japanese language class ay bukas tuwing Huwebes, 10:00 ~ 12:00. Matutulungan namin kayo para mas mahasa sa paggamit ng magalang at pormal na Nihongo. Malugod naming kayong inaanyayahan.

**“Child-care support center” Mga nanay at mga anak ay iniimbitahan.**

Ang “Child-care support center” (ang pangalan ay depende sa bayan o siyudad) ay isang pasilidad kung saan ang mga nanay at mga maliliit na bata ay nagkakatipon-tipon. Child-care support, mga aktibidad ukol sa pag-aalaga ng bata, pagbibigay ng impormasyon at pagtuturo sa pag-aaruga ng bata ay binibigay. At dahil ang mga pasilidad na ito ay sa pamamalakad ng mga munisipyo, mas makakaasa kayo na mabibigyan kayo ng akmang payo sa inyong mga alalahanin sa pag-aalaga ng inyong anak.

1. Fujimi City, child-care support center, Pippi: Lunes ~ Biyernes, 9:00 -12:00 & 13:00 -17:00 Tel 251-3005
2. Fujimino City, Uenodai nursery & child-care support center: Lunes ~ Biyernes, 9:50 -15:30 Tel 256-8623
3. Miyoshi Town, child-care support center: Lunes ~ Biyernes, 8:30 12:00 & 13:00 - 17:15 Tel 258-5106



**Mapapanood na ang DVD,  
“Manirahan tayo sa Saitama” !**

Sa kahilingan ng Saitama Prefecture, ang FICEC ay gumawa ng DVD movie “Manirahan tayo sa Saitama” (nakasalin sa 7 wika) at ito ay mapapanood na. Nakasaad dito ang mga impormasyong kailangan sa paninirahan sa Saitama: tungkol sa mga dapat i-rehistro sa city office, kapag nagkasakit, mga tanong ukol sa edukasyon, konsultasyon sa mga problema, samahan ng mga residente, pag-aaral ng Nihongo at iba pa. Mapapanood :

Youtube  
(<http://www.youtube.com/user/saitamakenkokusai>)

Detalye: website ng Kokusai-ka, Saitama Prefecture.

**Konsultasyon sa FICEC, bukas na sa  
Fujimi city!**

Mula April 3, 2013, sangay ng FICEC, konsultasyon para sa mga dayuhan ay bukas na sa 2<sup>nd</sup> Flr. ng Fujimi city hall. Mas magandang dumulog ng maaga at humingi ng payo sa alalahanin bago ito ay lumala.

Huwag mag-atubili, ito ay libreng serbisyo. May masasakyang bus mula Tsuruse station papuntang city hall. Tuwing Miyerkules, 09:00 – 12:00 sa Counselling Room No.3.



**Pagbabago sa Preventive vaccination act.**

**Alamin natin para sa kalusugan ng ating anak.**

Simula April 1 ay may pagbabago sa batas para sa preventive vaccination, Ang pagpabakuna ng 3 klaseng bakuna na sinimulan noong 2010 ay opsyonal at may bayad subalit ito ay magiging libre sa takdang panahon sa bagong batas.

- 1) Bakuna laban sa kanser sa cervix: Mga batang babae mula 1<sup>st</sup> yr Junior high school hanggang 1<sup>st</sup> yr senior high school.
- 2) Bakuna sa Hib (Haemophilus influenzae

type B):Mga bata mula 2 buwan hanggang 5 taong gulang. Bilang ng bakuna ay depende kung anong edad sinimulan.

3 Pneumococcal vaccine: Mga bata mula 2 buwan hanggang 5 taong gulang. Ang bilang ng bakuna ay depende kung anong edad sinimulan. Para sa dagdag na impormasyon, makipag-ugnayan sa health-care center ng bayan o siyudad.

[www.ficec.jp/living/](http://www.ficec.jp/living/)

•Para sa detalye : Fujimino International Cultural Center 0 4 9 – 2 5 6 – 4 2 9 0